

Mensahe ng Obispo ng Kyoto ngayung Pentecostes taong 2020

■ Pinalitan ng Espiritu Santo ang Takot nang Pananalig.

Nais kong ipaabot sa lahat ng mga mananampalataya ng Diyosesis ng Kyoto ang aking taos pusong pagbati sa inyong lahat ngayong tayo ay nag diriwang ng Linggo ng Pentecostes. Dahil sa paglaganap ng COVID-19, hindi ko magawa na makasalamuha kayo ng personal. Ang mga Misa sa ibat ibang Simbahan ay pansamantalang na suspende mula Kuwaresma hangang sa Panahon ng Pagkabuhay. Dahil dito, marami sa atin ang takot at mas pinili na manatili sa kanikaniyang tahanan, kagaya ng mga disipulo ng ating Panginoon Hesukristo, kasama ng mahal na Birheng Maria, sila ay natakot at nabalisa, mas pinili na magtago matapos ang mga kaganapan nang Huling Hapunan. Gayunpaman, sa ika 50 araw makaraan ang pasko ng Muling Pagkabuhay, tinanggap nila ang Espiritu Santo na ipinangako ng ating Panginoong Hesukristo, dahil doon, sila ay nag karoon ng lakas at naging mga mabubuting tagapag pahayag ng Mabuting Balita na may malaking pag titiwala sa Diyos. Sa kasalukuyan, ang Panginoong Hesus ay patuloy na ipinapadala ang parehong Espiritu Santo sa mga tao sa buong mundo, sa mga naghihirap dala ng pandemik, sa mga balisa at naguguluhan, upang mag bigay aliw at pag-asa at hikayatin sila na magkaroon ng mas malalim na panampalataya sa Panginoon na siyang pinag mumulan ng lahat ng buhay.

■ Ang pagdiriwang ng Pentecostes ngayung taon ay nagdadala ng panibagong simula ng Buhay.

Ang Espiritu Santo ay bumaba at napakitang mga dilang kawangis ng apoy na nag kabahabahagi at dumapo sa bawat isa sa kanila. Dumapo sa bawat isa sa kanila. Bagamat ang Simbahan (tao) ay bumubuo sa isang grupo, hindi ito palaging kumikilos bilang isang grupo. Ang naghuhubog ng panampalataya ng simbahan ay ang panampalataya ng bawat miyembro nito. Ang Banal na Misa (Eukaristiya) ay ang rurok at bukal ng buhay Kristiyano. Matapos nating malaman na ito ng bukal at rurok ng ating panampalataya, ang mga araw na hindi tayo dumadalo sa pagdiriwang ng Banal na Misa ay isang pag kakataon na muli nating siyasatin ang aspeto ng ating buhay panampalataya bilang indibidwal. Sa ating kamalayan, alam natin ang kahalagahan ng “pag sasabuhay ng Banal na Misa sa araw araw” (ang tema ng unang sulat ng Obispo noong 2004 at 2005). Matapos ang Pentecostes sila ay nagbalik loob at naging sambayanan ng mga mananampalataya “tapat sa pagpuputolputol ng tinapay at sa mga pananalangin” (Gawa 2:42), “nagkakaisa ang puso at kaluluwa” (Gawa 4:32). Sa kasalukuyan, may mga limitasyon sa ating pakikiisa sa pag dirawang nga Manal na Misa. Sa biyayang dulot ng Salita ng Diyos, biniyayaan tayo ng mahalagang pag kakataon upang manalangin at muling matunghayan ang kahalagahan ng ating buhay panampalataya. Para sa atin, ang pag diriwang ng Pentecostes sa taong ito ay isang paanyaya na simulan ang bagong daan tungo sa pagpapalalim ng ating panamaalataya.

■ Ang Espiritu Santo ay nag hahatid ng pag kakaisa hindi ng pagkakawatak watak.

Upang unti unting maiwasan ang inpeksyon na dulot ng COVID-19, ang Japan at ang buong mundo ay hinihimok na isabuhay ang “Bagong Normal” na paraan ng pamumuhay. Sa pakikipag tulongan ng bawat isa, maaari nating maalis ang yabang at pagkamakasarili na umiikot lamang sa pag papahalaga sa katiwasayan at kaligtasan ng sarili at nang bansang kinagisnan. Kinakailangan nating agapayan ang bawat isa, maki dalamhati sa isat isa, protektahan ang mga mahihina, magtulongan at mag bigayan, nang sa ganon, maari tayong mamuhay nang naaayon sa “bagong-normal” na pamumuhay. Marami ang nag

pamalas ng pagtutulungan sa panahon nang pagsuspende ng mga negosyo at pag didisiplina sa sarili na di lumabas kung hindi kinakilangan. Sa mga pagkakataon kagaya nito gumagalaw ang Espiritu Santo. Sinabi ng Santo Papa Francisco, huwag na huwag nating kakalimutan ang mga kapatid nating nasa sa kampo ng mga refugee, ang mga inabandona, at ang mga nahihirapan at nasa malubhang kalagayan dulot ibat ibang karamdaman kagaya ng COVID-19. Tangapin natin ang Espiritu Santo at naway maging mga “Mabubuting Samaritano” tayo na handang labanan ang takot at pag kiling para mapaglingkuran ang kapwa, habang isinasabuhay natin ang ating misyon na “Pangalagaan ang lahat ng uri ng buhay.”

May 31, 2020 Dakilang Kapistahan ng Pentecostes
✠ Lubhang Kagalangalang Paulo Otsuka Yoshinao, D.D.
Obispo ng Kyoto